# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 12, 2021, LUNES, IKA-09:23 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ LAGUNA RELEASED BY: NAME: DATE: 5.4.21 TIME:

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 03 MAY 2021 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 218-T2021**

**KAPASIYAHAN PINAHIHINTULUTAN ANG PAGPAPALAWIG NG PANAHON SA PAGRENEW NG PRANGKISA NG PAMPASADANG TRICYCLE SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA HANGGANG HUNYO 30, 2021 NANG WALANG REKARGO O PENALTY PARA MABIGYAN NG SAPAT NA PANAHON MAKAIPON PAMBAYAD DAHILAN SA HINAHARAP NA PANDEMYA.**

**SAPAGKAT,** ang umiiral na kautusang bayan ay itinatadhana na tuwing ika-31 ng Marso ang huling araw ng pagrenew ng prangkisa ng pampasadang tricycle sa Bayan ng Santa Cruz Laguna;

**SAPAGKAT**, noong Marso 31, 2021, ang Tanggapan ng Sangguniang Bayan ay nakatanggap ng sulat-kahilingan mula kay G, Melvin O. Bonza, Pambayang Administrador, sa atas ng Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis na mapalawig hanggang Abril 15, 2021 nang walang rekargo o penalty ang pag renew ng prangkisa ng pampasadang tricycle upang mabigyan ng sapat na panahon na makaipon at makabayad ng prankisa dahil sa kinakaharap na pandemya;

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ay iniliwat sa Lupon sa Transportasyon at Komunikasyon at Lupon sa Kautusan at Batas para sa kanilang pag-aaral;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO**, matapos masuri at mapag-aralan ang kahilingan ay iminungkahi ni Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban (Tagapamuno ng Lupon sa Transportasyon at Komunikasyon), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**IPINASIYA, GAYA NG NGAYON AY GINAGAWANG PAGPAPASIYA,** na bigyang pahintulot ang pagpapalawig ng panahon sa pagrenew ng prangkisa sa Pampasadang Tricycle sa bayan ng Santa Cruz, Laguna hanggang Hunyo 30, 2021 nang walang rekargo o penaldy para mabigyan ng sapat na panahong makaipon pambayad dahilan sa hinaharap na pandemya.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Inhinyero, SCTMO, Samahan ng mga Magtatraysikel, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 12, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
4/29/21